# Ang lahat ay tungkol sa Relasyon



**PAGPAPANUMBALIK NG ATING MGA NASIRANG RELASYON**

# ANG LAHAT AY TUNGKOL SA RELASYON

**At masumpungan ang tunay na pag-ibig, pagtanggap, kagalakan, kapayapaan, at pag-asa**

**Namumuhay tayo sa daigdig na sira ang mga relasyon na kung saan maraming tao ay nanggagamit ng iba makamit lamang ang mga pansariling kagustuhan, hangarin, pangarap o kalayawan at kapag sila'y di na nila kailangan o may nakita silang mas mabuting paraan sila'y kanilang kakaligtaan o iiwanan.**

**Mangilan-ngilan na lamang ang mga tapat sa pangakong binitawan sa iba. Tila pagkamakasarili na yata ang tema ng buhay ng karamihan. Ang buhay ay tila nakapokus sa "AKO". Nahahalata ito sa pagbibigay mo ng atensiyon sa mga balita sa mundo, national o local. Napakarami mong makikitang litanya ng mga kwento patungkol sa :**

| | | |
|---|---|---|
| **Giyera** | **Paghihinagpis** | **Pagbebenta ng tao at pang-aalipin** |
| **Patayan at Pagpapatiwakal** | **Abusong Sekswal** | **Diborsyo** |
| **Kataksilan** | **Karahasan** | **Pangungulimbat ng Salapi** |
| **Kahirapan at Pagkagutom** | **Gangs at Piitan** | **Panlahing kapootan** |
| **Away sa Pulitika** | **Mga kaso** | **Iskandalo** |
| **Kahalayan** | **Wasak na Pamilya** | **Pag-aabanduna at kapabayaan** |
| **Abuso sa kabataan** | **Katiwalian** | **Poot** |
| **Pagnanakaw** | **Panggagahasa** | **Pagkalulong sa alak at sa droga** |
| **Kawalan ng Kontrol (STD's)** | **Kawalan ng Hustisya** | **Pagpapabaya ng magulang** |
| **Kahirapan** | **Pagmamanipula** | |
| **Abuso sa pananalita/Pisikal/Emosyon** | | |



## Iminumungkahi ng iba na ang solusyon sa lahat ng ito ay:

**Karagdagang mga pulis, pulitiko, piitan, batas, abogado, mga hukom, relihiyon,**
**Mga programa ng pamahalaan, doktor sa pag-iisip, grupo ng mga manghihilot, o pera…**

**Ang katotohanan ay, ang tao ay may problema sa relasyon na sanhi ng problema sa puso.**

**C.S. Lewis, isang tanyag na mananalaysay at minsa'y may pag-aalinlangan/agnostiko, sumulat ng ganito, " Ang Diyos ay hindi makakapagbigay sa atin ng kaligayahan, at kapayapaan (at kaligtasan) sa labas ng kanyang sarili, sapagkat ang Diyos ay hindi totoo". Sa palagay ko, maaari nating idagdag sa kanyang kumento na hindi natin masusumpungan ang pag-ibig na walang pasubali sa labas ng Diyos.**

**Ang layunin ng mga presentasyong ito ay upang magkaroon ng panibagong pananaw sa ating kalagayan at ang pangangailangan natin sa napakadakilang pag-ibig ng Diyos.**

**Ang lahat ng mga relihiyong gawa ng tao ay nagtuturo sa atin na kailangan nating pagsumikapan o maging karapat-dapat tayo sa pag-ibig, pag-sang-ayon o pagtanggap ng Diyos. Ang Diyos ay ibang-iba. Hindi ganoon ang paraan ng Diyos. Binibigyan niya tayo ng mas mabuti.**

**Tingnan natin ito ng mas malapitan:**

**Balangkas ng ANG APAT NA MGA PRESENTASYON**



1. **Ang pangangailangan ng Naipanumbalik na Relasyon**
   **Ang halaga ng naipanumbalik na Relasyon**
2. **Ang pagpapahayag ng nanumbalik na Relasyon**
   **Ang resposibilidad sa Naipanumbalik na Relasyon**
3. **Mga hakbang sa pagkakaroon ng nanumbalik na Relasyon**
4. **Ilang mga natatanging Resulta ng Naipanumbalik na Relasyon**

**To order materials visit:**
**[www.peacetreatywithgod.com](http://www.peacetreatywithgod.com)**

**John Hendee, 2013**

**Unless otherwise noted all Scripture references are from The New International Version 1973, 1978, 1984 by International Bible Society.**

# ANG LAHAT AY TUNGKOL SA RELASYON

# SESSION 1

**Mga kailangan para sa isang Naipanumbalik na Relasyon**

**Ang halaga ng isang Naipanumbalik na Relasyon**



**PAGPAPANUMBALIK NG ATING RELASYON SA PAMAMAGITAN NG**

## MAPAYAPANG PAKIKIPAGKASUNDO SA DIYOS

# Mga kailangan para sa isang Naipanumbalik na Relasyon

## TAO

### Sinasabi sa Bibliya na…

**HINDI NATIN NAABOT ANG PAMANTAYAN**

"Walang matuwid, wala kahit isa; Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos". **Roma 3:10,23**

**Kahihinatnan: "** Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na Panginoon". **Roma 6:23**

**NASIRA NATIN ANG KAUTUSAN NG DIYOS**

"Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa Kautusan? Tanong niya. Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoong mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang Pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng Pag-ibig mo ang iyong sarili". **Mateo 22: 36-39**

**Kahihinatnan: "**Ang lahat ng umaasa sa mga gawa ayon sa Kautusan ay nasa ilalim ng isang sumpa. Sapagkat nasusulat, "Sumpain ang hindi sumusunod at hindi gumagawa ng lahat ng nakasulat sa aklat ng Kautusan". **Galacia 3:10**

**PATAY TAYO SA ESPIRITU**

"Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga Pagsuway at mga kasalanan". **Efeso 2:1**

**Kahihinantnan: "** Ngunit mananagot sila sa Diyos na hahatol sa mga buhay at sa mga patay". **I Pedro 4:5**

## DIYOS

### Sinasabi sa Bibliya na….

**ANG DIYOS AY GANAP AT BANAL**

"Ang daan mo, Panginoon, ay tunay na daang banal, at wala nang ibang diyos na sa iyo'y Ipapantay". **Awit 77:13**

**ANG DIYOS ANG NAGBIGAY NG KAUTUSAN**

" Ang Diyos lamang ang nagbigay ng Kautusan at siya rin ang hukom. Tanging siya ang may Kapangyarihang magligtas at magpahamak. Ngunit ikaw, sino ka upang humatol sa iyong kapwa?" **Santiago 4:12**

**SI JESUS ANG PINAGMULAN NG BUHAY**


"Ang nakikinig sa aking salita at sumasam-palataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa Kamatayan". **Juan 5:24**

# TAO

# DIYOS

## TAYO'Y MGA BULAG

## SI JESUS ANG ILAW



**"**Hindi sila sumasampalataya sapagkat Ang kanilang isip ay binulag ng diyos Ng kasamaan sa daigdig na ito, upang Hindi nila makita ang liwanag ng Magandang Balita …."
**II Corinto 4:4**
**Kahihinatnan:** "…Lumalakad siya sa kadiliman at hindi niya nalalaman ang kanyang pupuntahan, sapagkat binulag siya ng kadiliman". **I Juan 2:11**

" Ako ang ilaw ng sanlibutan…."
Juan 8:12

**NALIGAW TAYO NG LANDAS**

"wala silang bahagi sa buhay na kaloob Ng Diyos". **Efeso 4:18**
**Kahihinatnan:** " Ang gumagalang at sumu- Sunod kay Yahweh ay lumalakad sa katwiran, Nguni tang nagwawalang-bahal sa kanya ay Nasa likong daan". Kawikaan 14:2

**SI JESUS ANG DAAN PATUNGO SA DIYOS**

"Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamama- gitan ko". **Juan 14:6**

**MAHINA TAYONG AGIPIN ANG ATING SARILI**

**"**Lalong nagtaka ang ga alagad, kaya't nagtanong Sila, "Kung gayon, sino a kaya ang maliligtas?" Tiningnan sila ni Jesus at inabi sa kanila, "Hindi ito kayang gawin ng o, ngunit hindi ito Imposible sa Diyos.". **Marcos 0:26-27**

**ANG TULONG AY NAMUMULA KAY JESUS**

" Tiningnan sila ni Jesus at sinabi sa kanila, "Hindi ito kayang gawin ng tao, ngunit hindi ito imposible sa Diyos. Sapagkat ang lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos"

**Kahihinatnan:** "Noong panahong iyon, hiwalay kayo kay Cristo, hindi kabilang sa baying Israel, at hindi saklaw ng tipan na nababatay sa mga pangako ng Diyos. Noo'y nabubuhay kayo sa mundo na walang pag-asa at walang Diyos".
**Efeso 2:12**

**Hindi natin kayang tawirin ang bangin sa pamam gitan ng paggawa ng mabuti, pagiging relihiyoso, hindi paggawa ng mga bagay na masasama, o kasapi ka sa tamang simbahan o relihiyon. Mahina tayo upang sagipin ang ating sarili". Isaias 64:6**
**" Ang mabubuting gawa nati'y maruruming basahan ang katulad…"**

**Plano ng Diyos na huwag ibigay ang nararapat na para sa atin ngunit ang sagipin tayo mula sa iniuutos ng hustisya.**
**Iyan ang tinatawag na Awa ng Diyos.**

# ANG HALAGA NG NAIPANUMBALIK NA RELASYON

**"Pumarito ang Diyos upang tulungan ang sangkatauhan" Luke 7:16**

**Ang karakter, kapangyarihan, at dakilang pag-ibig ng Diyos ay naipakita sa krus.**

Sa Bibliya, tinawag si Jesus na Saserdoteng makalangit. Sa Latin, ang salitang saserdote ay nangangahulugang "tulay". Si Jesus ang naging tulay, ang Daan patungo sa Diyos nang Siya ay Mamatay sa krus.

" Ibig Niyang ang lahat ng tao ay maligtas at makaalam ng katoto hanang ito. Sapagkat iisa ang Diyos, at tanging si Jesu-Cristo lamang ang taong tagapamagitan sa atin at sa Diyos. Ini handog niya ang kanyang buhay Upang tubusin ang lahat mula sa kasalanan. Ang katotohanang ito ay pinatunayan sa takdang panahon". **I Timoteo 2:4-6**

| TAO | DIYOS |
|---|---|
| HINDI NAABOT ANG NARARAPAT<br>Kamatayan! TINUBOS | GANAP AT BANAL<br>Buhay! |
| NILABAG ANG MGA UTOS NG DIYOS<br>Isinumpa! TINUBOS | ANG NAGBIGAY NG UTOS<br>Mapalad! |
| PATAY SA ESPIRITO<br>Kailangangmagbigay!TINUBOS | ANG PINAGMULAN NG BUHAY<br>Pinatawad! |
| NABUBULAG<br>Namumuhay sa dilim! TINUBOS | ANG ILAW<br>Nakakakita! |
| NALIGAW NG LANDAS<br>Mamamatay! TINUBOS | ANG ATING DAAN/LANDAS<br>Direksiyon! |
| HINDI KAYANG MATULUNGAN ANG SARILI<br>Walang pag-asa…walang Diyos! TINUBOS | ANG ATING PINAGKUKUNAN NG TULONG<br>Pag-asa! |

**Nakita natin ang bigat ng ating kalagayan at kung gaano katindi ang lunas para dito.**

**Siya ay namatay upang tayo'y maligtas at mapalaya mula sa kinahinatnan ng ating kabiguan. Dinanas Niya ang hirap sa mala impyernong kamatayan sa kamay ng mga taong Siya mismo ang may likha at dahilan ng Kanyang kamatayan.**

" Sa kanyang pagkamatay sa krus,,pinasan niya ang bigat n gating mga kasalanan upang tayo'y mamamatay na sa kasalanan at mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Kayo'y pinagaling na sa pamamagitan ng kanyang mga sugat". **I Pedro 2:24**

" Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan". **Efeso 2:1**

"Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng Kautusan nang siya ay isinumpa para sa atin, sapagkat nasusulat, "Isinumpa ang bawat ibinitin sa punong-kahoy". **Galacia 3:13**

" Subalit napakasagana ng habag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin. Tayo'y binuhay niyang kasama ni Cristo noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob". **Efeso 2:4-5**

" Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak, na nagpalaya at nagdulot sa atin ng kapatawaran sa ating mga kasalanan". **Colosas 1: 13-14**

" Ngunit ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus, kayo na dati'y malayo sa Diyos ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo". **Efeso 2:13**

" Ngunit ng mahayag sa atin ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas, iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin…upang tayo'y gawing matuwid sa pamamagitan ng kanyang kagandahan-loob, at tayo'y maging tagapagmana ayon sa ipinangakong buhay na walang hanggan". **Tito 3:4-5,7**

" Kaya nga, hindi na hahatulang maparusahan ang mga taong nakipag-isa na kay Cristo Jesus". Roma 8:1

"Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan". **Juan 5:24**

**ILUSTRASYON NI JEFFREY DAHMER**
**ISIPIN MONG MERON KANG APAT NA TAONG GULANG NA ANAK NA LALAKI.**

"Upang lubusang maunawaan ninyo, kasama ng mga hinirang ng Diyos, kung gaano kalawak, gaano katas, at gaano kalalim ang kanyang pag-ibig. At nawa'y malaman ninyo ang buong pag-ibig ni Cristo na hindi kayang abutin ng pag-iisip upang kayo'y mapuspos ng kapuspusan ng Diyos". **Efeso 3:18-19**

**Alam ng Diyos na kapakipakinabang sa atin na gawin ang mga ito. Ang lahat ng ito ay patungkol sa relasyon at pag-ibig.**

**Max Lucado: Maging ang pinakamahirap na pulubi ay nagiging isang prinsipe kapag nasumpungan niya ang awa at pagpapala; at ang isang pinakamayaman na nagkukulang nito ay nagiging isang hamak na dukha.**

# ANG LAHAT AY TUNGKOL SA RELASYON

# SESSION 2

## Ang Pagpapahayag ng isang Naipanumbalik na Relasyon

## Ang Responsibilidad sa isang Naipanumbalik na Relasyon



PAGPAPANUMBALIK NG ATING RELASYON SA PAMAMAGITAN

NG MAPAYAPANG PAKIKIPAGKASUNDO SA DIYOS

## ANG ALOK NA AWA AT BIYAYA NG DIYOS AY DUMATINGSA PAMAMAGITAN NG TIPAN….

**Ang Bibliya ay mga kwento ng pagsusumikap ng Diyos upang magkaroon ng isang mapagmahal at payapang relasyon sa tao. Nagpakita ang Diyos sa atin at inalok tayo ng pag-ibig at buhay sa pamamagitan ng isang tipan. Ang pahinang ito ang magpapaliwanag ng kabuuang balangkas, tema at pangyayari sa Bibliya**.

**Tipan :Kasunduan, Pakikipagkasundo, Testamento**

**Ang tipan ay mayroong Apat na bahagi:**

**Ang Partido** – mga taong pumasok sa isang kasunduan: Diyos at Tao

**Ang tuntunin** – ang sasang-ayunang gagawin ng tao para sa Diyos sa oras na pumasok na siya sa isang kasunduan.

**Ang Pangako** – ang pangakong gagawin ng Diyos para sa tao sa oras na tanggapin niya ang kasunduan.

**Ang Kahihinatnan** – ang resulta ng pagtanggi o pag-talikod ng kasunduan sa Diyos.

Ang Bibliya ay kasaysayan ng serye ng mga konektadong pakikipagtipan na inalok ng Diyos sa tao. Iba ang mga ito sa kontrata. Ang kontrata ay makasarili; ito ay upang protektahan ang sarili mula sa iba. Ang tipan ay isang mapayapang kasunduan na kung saan ang dalawang partido ay sumasang-ayon na gagawin lamang kung ano ang para sa kapakinabangan at pinakamahusay na interes ng kabilang partido; ito'y walang pag-iimbot. Ang kasunduan ay tumatawag sa atin na tulungan at protektahan ang kabilang partido. Ito'y isang aktibong pagsasamahan.

Bago pa man likhain ng Diyos ang sanlibutan, plano na niyang ialok sa sangkatauhan ang kapatawaran at buhay na walang hanggan na magbibigay sa kanya ng layuning mabuhay.

" at bigyan sila ng pag-asa sa buhay na walang hanggan. Bago pa likhain ang sanlibutan, ang buhay na ito'y ipinangako nan g Diyos na kailanma'y hindi nagsinungaling". **Tito 1:2**

Naipahayag ang plano ng Diyos sa mga nagdaang siglo sa pamamagitan ng mga serye ng mga tipanan. Katulad ito ng mga baiting ng isang (rocket). Ang kapsula ay ang pinakamahalagang Bahagi ng rocket:




Simulan natin sa pinaka-ibaba na # 1 at paitaas:

5- Gumawa Siya ng isang tipan na higit na mabuti para sa atin sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak. **Hebreo 8:6**
4- At gumawa Siya ng pakikipagtipan sa Isarel. (lahi ni Abraham) **Exodo 19:5**

3- At gumawa Siya ng tipan kay Abraham. **Genesis 15:18**

2- At gumawa Siya ng 2 tipan kay Noah. **Genesis 6:16 at Genesis 9:9,11**

1-Gumawa ang Diyos ng pakikipagtipan kay Adan. **Hosea 6:7**

Kung ating pag-aaralan ang mga kasunduan, malalaman natin na tapat ang Diyos sa kanyang salita. Mababasa natin ang tungkol sa kanyang mga ginawa. Makikita nating lagi niyang tinitupad ang kanyang mga pangako.

" Anumang naisulat noon ay isinulat para sa ating ikatututo, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at sa

pagpapalakasan ng loob mula sa kasulatan magkaroon tayo ng pag-asa". **Roma 15:4**

Ang lahat ng mga naunang tipanan (kasunduan) ay upang dalhin tayo sa huling tipan na iaalok ng Diyos sa tao, ang Bagong Tipan: ang kapsula, ang gantimpala, ang kayamanan.

# ANG BAGONG TIPAN

**Nagsimula ang Bagong Tipan nang si Jesus ay mamatay at umagos ang kanyang dugo doon sa krus:**

" Kaya nga, si Cristo ang tagapamagitan ng bagong kasunduan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, ipinatawad ang paglabag ng mga tao noong sila'y nasa ilalaim pa ng naunang kasunduan. Dahil ditto, makakamtan ng mga tinawag ng Diyos ang walang hanggang pagpapala na kanyang ipinangako ". **Hebreo 9:15**

" Sapagkat ito ang aking dugo; pinapagtibay nito ang tipan ng Diyos. Ang aking dugo ay mabubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami". **Mateo 26:28**

## Ang Bagong Tipan ay higit na mabuti kesa sa dati:

" Ngunit ang paglilingkod na ipinagkaloob kay Jesus ay higit na dakila kaysa ipinagkaloob sa kanila, dahil siya'y tagapamagitan ng isang tipan na higit na mabuti, sapagkat ang tipang ito ay mababatay sa mas maiinam na pangako". **Hebreo 8:6**

**Ang lahat ay tungkol sa relasyon**

**Ang kanyang imbitasyon:**

" Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok at sundin ninyo ang akng mga itinuturo sapagkat ako'y maamo at mapagkumbabang loob. Matatagpuan ninyo sa akin ang kapahingahan".
**Mateo 11:28-29**

" Tayo'y nagagalak at nagpupuri sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu Cristo, sapagkat dahil sa kanya ay tinanggap tayo bilang mga kaibigan ng Diyos". **Roma 5:11**

**Ang Diyos ay HINDI NA KAILANGANG magbigay pa sa atin ng isa pang tipan pagkatapos ng Bagong Tipan. Ano ang maiaalok Niya sa atin na kailangan natin na hindi nasasakop sa Bagong Tipan?**

**Noon pa mang magpasya ka ng kung ano ang iyong gagawin sa Diyos, nagpasya na ang Diyos sa kung ano ang gagawin Niya sa'yo. – Louie Giglio**

# Ano ang Nais ng Diyos?

**Parehong bagay na ninais Niya mula nung likhain Niya ang sanlibutan: Isang pamilyang nagkakaisa sa Kanya sa pamamagitan ng pag-ibig.**

" Tayo'y Kanyang pinili upang maging anak Niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban". **Efeso 1:5**

**Nais ng Diyos na tayo ay nasa isang malusog na pakikipag-ugnayan sa Kanya at sa iba pa. Hindi ito upang tayo ay maging relihiyoso.**

## MGA PARTIDO NG BAGONG TIPAN

**Ang ating Diyos, at ang sinumang pumasok sa pakikipag relasyon kay Cristo. Ang lahat ay tungkol sa pakikipag-ugnayan. Iniaalok ito sa lahat ng tao, anumang lahi, grupong pang ekonomiya o nasyonalidad,mga lulong sa alak, mapakiapid, adik, mamamatay-tao,immigrante,bilanggo, mga bigo, mga matagumpay, relihiyoso o hindi, mga pangulo, mga lalaki, mga babae, matanda, bata, mabuti o masama. Subalit kinakailangang piliin ng tao si Cristo. Hindi mamimilit ang Diyos sa sinuman na pumasok. Walang sinuman ang maaring pumili para sa iyo. Ikaw ay inaanyayahan, at dapat mong tanggapin ito.**

**Tayo ay maraming pagkukulang subalit mahal parin tayo ng Diyos. – Phillip Yancy**

**MGA PANANAGUTAN NG DIYOS SA SINUMANG TATANGGAP NG KANYANG BAGONG TIPAN:**
**Ang lahat ay binago sa Bagong Tipan.**

" Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago". **II Corinto 5:17**

# BAGO….

**Pag-ibig- Juan 3:16 at Roma 8:38**

**Kalayaan mula sa mga paratang- Colosas 1:22**

**Kapatawaran- Gawa 2: 38 (Exonerated)**

**Muling pagkabuhay- I Corinto 6:14 at 15: 51-53**

**Buhay na walang hanggan- I Juan 5:11 at Roma 6:23**

**Tahanang walang hanggan/Dako na kasama ang Diyos- Pahayag 21:1-4**

**Ganap na Buhay- Juan 10:10**

**Kagalakan- I Pedro 1:8**

**Bagong Kapanganakan- Juan 3:3,7**

**Pag-ampon- Efeso 1:5 at Roma 8:15**

**Pamilya- I Pedro 2:17**

**Presensiya- Mateo 28:20**

**Tulong sa araw-araw – Roma 8:26-28 at Filipos 1:6**

**Diwa-Pag-uugali – Efeso 4:23**

**Layunin- Efeso 2:10**

**Pagkamamamayan – Efeso 2:19**

**Espiritu na nasa atin – I Corinto 3:16 at Roma 5:10, 8:9**

**Kapangyarihang mabuhay – Efeso 3:21**

**Seguridad – II Pedro 3:17**

**Nag-uumapaw na Tagumpay – I Juan 5:4 at Roma 8:37**

**Pag-uusig – II Timoteo 3:12**

**Pagganyak - II Corinto 5:13-14**

**Paghihirap – I Pedro 1:29**

**Pag-asa – II Corinto 3:12**

**Disiplinang may Pagmamahal – Pahayag 3:19**

**Pag-unawa – Hebreo 4:15**

**Mana – I Pedro 1:4**

**Kalayaan at Pagtitiwala – Hebreo 4:16**

**Sa Bagong Tipan, HINDI nangako ang Diyos ng materyal na yaman, mabuting kalusugan, seguridad sa trabahoo kalayaan mula sa mga problema't paghihirap.**

" Sinabi ko ito sa inyo upang kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa pakikipag-isa sa akin. Magdaranas kayo ng kapighatian sa mundong ito, ngunit tibayan ninyo ang inyong loob! Napagtagumpayan ko na ang anlibutan". **Juan 16:33**

" Sapagkat napawalang-sala na tayo a pamamagitan n gating pananampalataya, **mayroon na tayong mapayapang relasyon sa Diyos** sa pamamagitan n gating Panginoong Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesu-Cristo, tinamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos at tayo'y nagagalak dahil sa pag-asang tayo'y makakabahagi sa kanyang kaluwalhatian". **Roma 5:1-2**

## MGA PANANAGUTAN NG TAO SA PAGTANGGAP NIYA SA BAGONG TIPAN NG DIYOS

**Ang lahat na mga hinihingi ng Diyos mula sa atin ay maaaring paikliin sa dalawang utos:**

" Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. Ito ang pinakamahalagang utos". **Mateo 22:37-38**

" Ito naman ang pangalawa, Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili". **Mateo 22:39**

**Ang lahat ng kasulatang naisulat sa Bagong Tipan ay dinisenyo upang turuan tayo sa kung paano natin magagawa ang dalawang bagay na ito.**

**Ang panawagan at prebelihiyo natin ay ang ibigin ang Diyos, umibig gaya ng pag-ibig ng Diyos, ang magbunyi gaya ng pagbubuyi ng Diyos, yakapin ang iba gaya ng pag-akap sa atin, at ang lumapit sa iba gaya ng paglalapit sa atin sa Diyos.**

**Si Jesus ang ating modelo sa kung paano natin magagawa ang dalawang bagay na nabanggit. (Roma 8:29) Minahal ni Jesus ang mabubuti, ni ang masasama, ang mga tinanggihan, mga nag-iisa, mga mapagmataas, mga naligaw, mga itinabuy at mga hindi perpekto.**

"Mga minamahal, sapagkat ipinangako sa atin ang mga bagay na ito, alisin natin sa ating sarili ang lahat ng nakapagpaparumi sa ating katawan at sa ating espiritu. Sikapin nating mamuhay nang may ganap na kabanalan at paggalang sa Diyos". **II Corinto 7:1**

" Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang dugo, at sa gayon ay pinatawad na ang ating mga kasalanan. Ganoon kadakila ang kanyang kagandahang-loob na ibinigay sa atin. Sa pamamagitan ng kanyang karunungan at kaalaman". **Efeso 1:7-8**



# ANG LAHAT AY BAGO….

**Pag-ibig –** Sapagkat gayon na lamang nag pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanaya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan**.** **Juan 3:16**

" …Sapagkat natitiyak kong walang makapaghihiwalay sa atin sa kanyang pag-ibig. Kahit ang kamatayan, ang buhay, ang mga anghel, ang mga pamunuan o ang mga kapangyarihan, ang kasalukuyan o ang hinaharap, ang kataasan, ang kalaliman,o alinmang nilalang **ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos** na ipinagkaloob sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon ". **Roma 8:35-39**

**Kalayaan mula sa paratang –** Ngunit sa pamamagitan ng pagkamatay ni Cristo, kayo ay ginawang kaibigan ng Diyos, nang sa gayon ay maiharap niya kayong banal, walang kapintasan at walang dungis". **Colosas 1:22**

**Kapatawaran –** Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikuran nag inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin…". **Gawa 2:38 (Exonerated)**

**Muling Pagkabuhay –** Muling binuhay ng Diyos si Jesu-Cristo, at tayo man ay muling bubuhayin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ".
**I Corinto 6:14**

" Isang hiwaga ang sinasabi ko sa inyo, hindi lahat tayo'y mamamatay ngunit lahat tayo'y babaguhin, sa isang sandal, sa isang kisap-mata, kasabay ng huling pag-ihip ng trumpeta. Sapagkat sa pagtunog ng trumpeta, ang mga patay ay muling bubuhayin at di na muling mamamatay. Ang ating katawang nabubulok ay mapapalitan ng katawang hindi nabubulok, at ang katawang namamatay ay mapapalitan ng katawang hindi namamatay".
**I Corinto 15:51-53**

**Buhay na Walang Hanggan –** At ito ang patoto0: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang anak. **I Juan 5:11**

" Sapagkat kamatayanang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon". **Roma 6:23**

**Tahanang walang hanggan/Dako na kasama ang Diyos –** Pagkatapos nito, nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa. Wala na ang dating langit at lupa; wala na rin ang dagat. At nakita ko ang Banal na Lunsod,Ang bagong Jerusalem, bumababang galing sa langit buhat sa Diyos, gaya ng babaing ikakasal, gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya. Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, " Ngayon ang tahanan ng Diyos ay nasa piling nan g mga tao! Mananahan siyang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Makakapiling nila ng palagian ang Diyos ay siya ang magiging Diyos nila.

At papahirin niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan,dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay". **Pahayag 21:1-4**

**Ganap na Buhay –** Kaya lamang pupunta rito ang magnanakaw ay upang magnakaw, pumatay at magwasak. Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay- isang buhay na ganap at kasiya-kasiya. Juan 10:10

**Kagalakan –** Hindi ninyo siya nakita kailanman ngunit siya'y inibig na ninyo. Hindi parin ninyo siya nakikita hanggang ngayon, ngunit sumasamapalataya na kayo sa kanya. Dahil dito'y nag-uumapaw na sa inyong puso ang kagalakang di kayang ilarawan sa salita. **I Pedro 1:8**

**Bagong Kapanganakan -** Sumagot si Jesus, "Pakatandaan mo: malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang paghahari ng Diyos. **Juan 3:3**

" Huwag kang magtaka sa sinabi ko sa iyo, kayong lahat ay kailangang ipanganak ng muli ". Juan 3:7

" Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng kapanganakang may kamatayan, kundi sa bisa ng buhay at di nagbabagong salita ng Diyos". **I Pedro 1:23**

**Pag-ampon –** Sapagkat hindi ibinigay sa inyo ng Diyos ang Espiritu upang kayo'y gawing mga aliping namumuhay sa takot. Sa halip, ibinigay sa inyo ang Espiritu upang kayo'y gawing mga anak ng Diyos, kaya nakakatawag tayo sa kanya ng "Ama, Ama ko!" **Roma 8:15**

**Pamilya –** Igalang ninyo ang lahat ng tao at mahalin ang mga kapatid kay Cristo. **I Pedro 2:17**

**Presensiya – "**Tandaan ninyo, ako'y lagging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon ". **Mateo 28:20**

**Tulong sa Araw-araw –** Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, kaya't ang Espiritu ang dumaraing para sa atin, sa paraang di natin kayang sambitin. At ang Diyos na siyang nakakasaliksik sa puso ng tao, ang siyang nakakaalam kung anon g kalooban ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ang namamagitan para sa mga hinirang, ayon sa kalooban ng Diyos. Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin". **Roma 8:26-28**

**Isipan-Pag-uugali –** " Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan ". **Efeso 4:23-24**

**Layunin –** " Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin an gating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man".
**Efeso 2:10**

**Pagkamamamayan –** " Samakatuwid, hindi na kayo dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kanbabayan nan g mga hinirang ng Diyos at kabilang sa Kanyang sambahayan". **Efeso 2:19**

**Espiritu sa Atin –** " Hindi ba ninyo alam na kayo'y temple ng Diyos at **naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu? I Corinto 3:16**

**Kapangyarihang Mabuhay – "** Sa kanya ang kaluwalhatian sa pamamagitan ng iglesia at ni Cristo Jesus magpakailanman! Amen". **Efeso 3:21**

**Seguridad –** " Ngayong ito'y alam na ninyo, mga kapatid, dapat kayong mag-ingat upang huwag kayong mailigaw ng mga taong walang sinusunod na batas. Sa gayon, hindi kayo matitinag sa inyong mabuting kalagayan ". **II Pedro 3:17**

**Nag-uumapaw na Tagumpay –** " Sapagkat napagtagumpayan na ng mga anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Sino ang nagtatagumpay sa sanlibutan? Ang sinumang sumasampalataya na si Jesus ang Anak ng Diyos". **I Juan 5:4-5**

**Pag-uusig –** " Gayun din naman, ang lahat ng nagnanais mabuhay ng matuwid bilang tagasunod ni Cristo Jesus ay daranas ng mga pag-uusig". II Timoteo 3:12

**Mahikayat/Maganyak –** " Ang pag-ibig ni Cristo ang naghahari sa amin…" **II Corinto 5:14**

**Paghihirap – "**Ito'y dapat ninyong ikagalak, kahit na maaaring magdanas muna kayo ng iba't-ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon". **I Pedro 1:6**

**Pag-asa –** " Sa kanya, kami'y umaasa rin na patuloy niya kaming ililigtas". **II Corinto 1:10**

**Disiplinang may Pagmamahal –** " Sinasaway ko't pinapalo ang lahat ng aking minamahal. Kaya't maging masigasig ka! Pagsisihan mo't talikuran ang iyong mga kasalanan". **Pahayag 3:19**

**Pang-unawa –** " An gating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kalianma'y hindi siya nagkasala ". **Hebreo 4:15**

**Mana –** " Makakamit natin ang isang kayamanang di masisira, walang kapintasan, at di kukupas na inihanda ng Diyos sa langit para sa inyo". **I Pedro 1:4**

**Kalayaan at pagtitiwala –** " Kaya't huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos upang makamtan natin ang habag at kalinga sa panahon n gating pangangailangan". **Hebreo 4:16**

# ANG LAHAT AY TUNGKOL SA RELASYON

# SESSION 3

## Ang Apat na Hakbang sa pagkakaroon ng isang Ipinanumbalik na Relasyon



PAGPAPANUMBALIK NG ATING RELASYON SA PAMAMAGITAN

NG MAPAYAPANG PAKIKIPAGKASUNDO SA DIYOS

# Ang Apat na Hakbang sa pagkakaroon ng isang Ipinanumbalik na Relasyon

## Unang Hakbang- Pananampalataya

**Nagsisismula ang isang bagong relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng  pananampalataya sa Kanya.**

**"**Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan". **Juan 3:16**

Ang pananampalataya o paniniwala, ay pagkakaroon ng tiwala sa iba- pagtitiwala sa kanilang mga salita batay sa kanilang katapatan, mga ginawa, kanilang kasaysayan ng mga gawa at kaugalian. Pananampalataya sa Diyos ay "lubos na naniniwalang may kapangyarihan na tutuparin ng Diyos ang kanyang ipinangako". (Roma 4)

"Kaya't ano ngayon ang ating maipagmamalaki? Wala! At bakit naman tayo magmamalaki? Dahil ba sa ating pagsunod sa kautusan? Hindi! Kundi dahil sa ating pananampalataya kay Cristo". **Roma 3:27**

**ITO ANG MABUTING BALITA!**

**Hindi natin pwedeng panalunan, bilhin,karapatdapat, gumawa ng sapat na kabutihan o gumawa ng sapat na sakripisyo upang ating makamtan ang pag-ibig at kaligtasan ng Diyos.**

**Wala tayong maaaring gawin upang ibigin tayo ng Diyos ng higit pa sa pag-ibig niya sa atin.Malayang inialok sa atin ng Diyos ang kanyang pag-ibig at buhay, subalit kinakailangan lamang na tanggapin natin ang kanyang paanyayang pumasok sa kanyang Bagong Tipan.**

**Sa pagtatangkang iligtas ang ating mga sarili o pagiging tunay na mabuti upang pumasok sa langit ay magbubunga lamang ng kapaguran, pagkabigo at kawalang pag-asa.**

**Tayo ay binabalaan ng Bibiliya na huwag gawing batayan ang ating marubdob na pananampalataya na makatagpo ng pag-ibig, kapayapaan, kagalakan at kaligtasan ng ating mga sarili, ating katalinuhan, ibang tao, kamag-anak, ang ating mga asawa, isang pulitiko, ng pamahalaan, hukbo, ng simbahan, ng maling relihiyon, kulto, pastor, pari, ating katanyagan, kagandahan, kayamanan, kakayahan, pagiging matuwid sa sarili o mabuting gawain.Ibigay ninyo ito kay Jesus at sa kung ano ang ginawa niya para sa atin.**

**Pananampalataya sa Bibliya ay:**

**Paniniwala (gamit ang iyong utak) na ang Diyos ay nagpakatao sa pamamagitan ni Jesus, at siya'y namatay para sa ating mga kasalanan, inilibing at muling nabuhay, ang lahay at base sa kasaysayan. ( tingnan Juan 1:14 at I Corinto 15:3-4)**

**Pananampalataya sa Bibliya ay hindi lamang nangangailangan ng paniwalang katalinuhan, kundi nangangailangan din ng sagot.**

" Gayundin naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa". **Santiago 2:17**



Noong 1860, mayroong isang sikat na lalaking naglalakad sa isang lubid na nagngangalang Blondin. Nalibot niya ang buong bansa upang gumawa ng mga eksibisyon. Pumunta siya sa Niagara Falls upang doon magsagawa ng tatlong-araw na palabas. Itinuwid ni Blondin ang lubid sa mgakabilang panig ng Falls, at lumakad siya sa lubid ng dalawang araw, na nakahakot ng maraming tao. Sa ikatlong araw, sinabi niya na muli siyang lalakad sa lubid na nakapiring at magtutulak ng kartilya. Bago niya sinubukang gawin iyon, lumapit siya sa mga tao at nagtanong, “ Naniniwala ba kayo na magagawa ko?” Wala ni isa mula sa mga tao ang hindi naniniwala. Kaya’t umakyat siya sa lubid at nagtanong muli, “ Ngayon, sino sa inyo ang aakyat dito at maupo sa kartilya?”

Gaano karami kaya ang sa tingin mo ang nag boluntaryo?

Ang sino mang may pananampalataya sa mensaheng kanyang napakinggan, siya at tutugon sa papamagitan ng paggawa ng mga bagay na hiniling ng Diyos na gawin.

# Ikalawang Hakbang – Pagsisisi

“Sa mga nagdaang panahon ay hindi pinansin ng Diyos ang di pagkakilala sa kanya ng mga tao, ngaunit ngayon ay iniuutos niya sa lahat ng mga tao sa bawat lugar na magsisi’t talikuran ang kanilang masamang pamumuhay”. **Gawa 17:30**

**Sa Gawa 2:14 at sa sumusunod, mababasa natin ang Sermon ni Pedro doon sa Araw ng Pentecostes (a Jewish holiday) sa Jerusalem sa napakaraming mga Judio.**

**Pagwawakas ni Pedro**
“Kaya’t dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus ay siyang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo”. **Gawa 2:36**

**Ang Tugon ng mga Tao**

“Nabagbag ang kanilang kalooban nang marinig ito, kaya’t tinanong nila si Pedro at ang ibang mga apostol, “Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?” **Gawa 2:37**

**Sa pagtatanong ng mga katanungang ito naipahayag na naniniwala sila sa mensahe.. Itinanong nila kung ano ang dapat nilang maging tugon.Nalalaman nila na kailangan nilang gumawa ng higit pa sa pag-iisip lamang na sumasang-ayun sila tungkol kay Hesus! Ano na ngayon?**


**Sagot ni Pedro**
“Sumagot si Pedro, “Pagsisihan ninyo’t talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo’y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo”.
**Gawa 2:38**

**Ang Pagsisisi ay nangangahulugang paggawa ng “U-Turn”.**

**May pagkalito at kaibahan sa pagitan ng relihiyosong pagsisisi at Kristiyanong pagsisisi: Sa Relihiyosong pagsisisi ay sinusubukang mapanatili ang mahabang listahan ng mga dapat at di dapat gawin upang maligtas.**

**Ang Kristiyanong Pagsisisi ay :**

1. **Talikdan ang pagtanggi kay Jesus at pagtiwalaan Siya bilang aking Panginoon at Tagapagligtas sa buong buhay ko. Ito ang sentro ng usapin- Ang lahat ay tungkol sa katapatan.**
2. **Ipahayag na ang aking katapatan kay Hesus ay higit kanino man o anumang bagay.**
3. **Ito'y isang pahayag ng saloobin. Ito ay halintulad sa sinasabing "Tinatanggap ko" sa isang kasalan. Ito ay isang pangako sa ibang tao, na magreresulta ng pagiging tapat sa kanila.**




**Ito ay ang pag-aalis ng aking arili, bagay, o sinuman sa trono ng aking buhay** **at paglalagay sa Diyos sa Kanyang nararapat na lugar.**

**Sa pakikipagrelasyon, sinabi ni Hesus na hindi tayo pwedeng magsilbi sa dalawang panginoon.**

**Kapagka tayo'y nagsisisi, sinasabi nating " Ito'y magiging si Hesus".**

**Sa paningin ng Diyos, ang tao ay sumusuko sa Kanya o nagsisilbi sa diyablo. Nais ni satanas na tayo'y sumuko sa kanya at gagawin niya ang lahat ng mga posibleng bagay upang mapigilan ang ating pagsuko sa Diyos.**

"Mahinahon niyang itinutuwid ang mga sumasalungat sa kanya, baka sakaling marapatin ng Diyos na sila'y magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan upang makilala nila ang katotohanan. Sa gayon, maliliwanagan ang kanilang isip at makakawala sila sa bitag ng diyablo na bumihag at umalipin sa kanila". **II Timoteo 2:25-26**

**Ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos, ang Kanyang awa at biyaya ay sadyang inilaan upang tayo'y humantong sa pagsisisi. Sinasabi Niya at ipinapakita Niya na maaari nating ipagkatiwala ang ating mga buhay sa Kanya. Siya ay nasa ating panig. Siya ay para sa atin. Minamahal Niya tayo.**

"O baka naman gusto mo pang hamakin ang Diyos dahil siya ay napakabait, mapagpigil at mapagpaumanhin. Hindi mo ba alam na napakabuti ng Diyos kaya binibigyan ka niya ng pagkakataong magsisi at tumalikod sa kaslanan?" **Roma 2:4**

**Ang pagsisisi ay pagpapalaya, katuwaan, kapana-panabik at kasariwaang mga panahon. Ito ay paglalagay sa Diyos ng kontrol sa ating buhay. Hindi na ako mag-iisa, o gagawa ng sa aking sarili lamang.**

"Kaya nga, magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang patawarin kayo sa inyong mga kasalanan". **Gawa 3:19**

# Ikatlong Hakbang- Pagpapahayag

“Kung ipahahayag ng inyong labi na si Hesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay pinapawalang-sala ng Diyos. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayon ay naliligtas”. **Roma 10:9-10**

**Naiisip mo ba na ang isang tao sa araw ng kanilang kasal ay tumangging sabihin ang kanilang pangako ni sabihin ang “Tinatanggap ko” dahil sa sila’y nahihiya, napahiya, takot o hindi sigurado?**

# Ika-Apat na Hakbang- Kristiyanong Bautismo

“Lumapit si Hesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya’t habang kayo’y humahayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espirito Santo”. **Mateo 28:18-20**

**Sa wikang Griyego na kung saan isinalin ang ating Bagong Tipan, ang salitang bautismo ay nangangahulugang “ ilubog, o paglulublob”. Ayon sa kasaysayan, sa mga naunang Iglesia nakasanayan na nilang gawin ang pagbabautismo sa pamamagitan ng paglulubog.**

**Ilang mga relihiyosong tao ang pinalitan ang paraan sa wisik o buhos 500 taon pagkatapos ng buhay ni Hesus: hindi binago ng Diyos ang pamamaraan.**

**PINILI NG DIYOS ANG KRISTIYANONG BAUTISMO**

**(hindi ito desisyon ng Iglesia)**

**AT INUUTUSAN NIYA TAYONG MAGPABAUTISMO**

**(iyon ay utos, hindi isang mungkahi)**

**Tinuturo sa atin ng Bibia na maari tayong magpabautismo:**
*** anumang araw**
***anumang tubig**
*** sa kahit na sinumang disipulo ni Hesus (sa nagdaang mga taon, binago ito ng mga sekta at pinuno ng relihiyon)**
**Tayo ay nabautismuhan kay Cristo, hindi sa sekta.**


## Ang Kristiyanong bautismo ay ang ating panunumpa o pangako ng ating katapatan at pagsunod sa Diyos

"Ang tubig ay larawan ng bautismong nagliligtas sa inyo ngayon. Ang bautismo ay hindi paglilinis ng dumi ng katawan kundi isang pangako sa Diyos buhat sa isang malinis na budhi. Inililigtas kayo ng bautismo sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo.." **I Pedro 3:21**

**Sa Griyego, ang salitang pangako ay katulad din sa salitang ginagamit ng dalawang negosyante na papasok sa isang kasunduan. Ang isang nagbebenta ay gumagawa ng panukala na tinatanggap ng isang mamimili. Kapag ito'y kanyang tinanggap, siya ay tatayo at sasabihing, "Nangangako ako na mamumuhay ako ng naayon sa tuntunin ng kasunduang ito". Ginawa ito sa harap ng isang testigo, at tinapos ng pangako at pinagtibay ang kasunduan.**

**Kapag ipinahayag sa atin ang ebanghelyo, maaari natin itong tanggapin o tanggihan. Walang kinikilingan.Oo o hindi lamang ang maaaring sagoti. Kung ang pipiliin nating sagot ay oo, pinagtitibay natin ang Tipan sa pamamagitan ng bautismo. Ang pangakong ito ay parang isang pagpirma ng iyong pangalan sa linya ng Tipan. Ang kasunduan ay pinagtibay ng magkabilang partido.**

**Kapag tayo'y nanumbalik kay Cristo at ipahayag na nais nating maging alagad niya, hinihiling ng Diyos ang ating panunumpa. Ang panunumpang ito ay sa pamamagitan ng Kristiyanong Bautismo. Nagawa na ng Diyos ang kanyang panunumpa. Ginawa niya ito doon sa krus at nilagdaan niya ito ng kanyang dugo, ang ating bautismo ang "magseselyo" ng kasunduan.**



**Ang Diyos, Sa pamamagitan ng bautismo, pinag-iisa tayo kay Cristo ng Diyos.**

"Ang buhay mismo ni Cristo ang isinuot sa inyo na parang damit nang kayo'y mabautismuhan sa kanya". **Galacia 3:27**

**Ang Diyos, sa pamamagitan ng bautismo, nagbibigay sa atin ng kanyang Banal na Espiritu.**

**Ibinigay natin ang ating mga sarili sa kanya, at ibinigay Niya ang Kanayangn sarili sa atin sa pamamagitan ng Espiritu.**
"Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at ipagkaloob sa inyo ang Espiritu Santo". **Gawa 2:38**

**Ang Diyos, Sa pamamagitan ng ating pananampalataya at pagsunod sa Kristiyanong Bautismo ay nalilinis tayo ng Diyos sa pamamagitan ng dugo ni Cristo.**

"At ngayon, ano pang hinihintay mo? Tumayo ka na, magpabautismo at manalangin ka sa kanyang pangalan upang mapatawad ka sa iyong mga kasalanan". **Gawa 22:16**



# TINGNAN NATIN ANG KAAYUSAN/KAINAMAN AT PAGIGING PRAKTIKAL NG LAHAT NG ITO

**Sa pamamagitan ng pagkukumpara ng tipan ng kasal at ng tipan kay Cristo.**
**Makikita natin na hindi ito usaping relihiyon, ito ay usapin sa relasyon.**

**Kasal at Kristiyanismo ay parehong tipan ng pakikipag-ugnayan**
**At**
**Ang lahat ay tungkol sa Relasyon.**

| ANG TIPAN NG KASAL | ANG TIPAN KAY CRISTO |
|---|---|
| Sa relasyong ito nagsisimula sa isang espesyal na uri ng pananampalataya at pag-ibig na sinasabing, "Nakita ko na ang aking hinahanap". Tinutugon ang pag-ibig na ito ng… | Ang sa relasyong ito ay nagsisimula sa isang pananampalataya at pag-ibig na sinasabing: "Nakita ko na ang tanging kailangan ko: Naniniwala ako na si Hesu-Cristo ay anak ng Diyos, at naparito Siya upang mamatay para sa aking mga kasalanan at nabuhay ng muli upang ako'y iligtas". Tinutugon ang pananampalatayang ito ng…. |
| Pagpapasyang ibigay ang aking sarili sa pinakamabuting interes ng iba at pagiging tapat sa kaniya sa pamamagitan ng paglalagay ng kaniyang mga pangangailangan ng una kesa sa akin. " Ikaw muna, tanging ikaw. Tapos na ang paghahanap. (Mayroon bang iba pang mga pangako na dapat talikdan o kalimutan?) | Pagpapasyang ibigay ang aking sarili kay Hesus at nangangakong magiging tapat sa Kanya at susunod sa Kanya. Paglalagay sa una ng Kanyang mga pangangailangan bago ang sa akin sapagkat nagawa na Niya ang lahat para sa akin. Tinatanggap ko ang kanyang imbitasyon. "Ikaw muna, tanging ikaw". (Mayroon bang iba pang mga pangako na dapat talikdan o kalimutan?) |
| Pagsasabi sa iba sa pasyang nagawa. | Pagsasabi sa iba sa pasyang nagawa; isinasapubliko ito. |
| Seremonya ng Kasal<br>* Isang simula at katapusan.<br>* Tinatalikdan at iiwanan ang pagiging binata o dalaga para sa magkabahaging buhay.<br>* Ang lahat ay tungkol sa pagbibigay ng panunumpa ng katapatan. | Ang bautismo ay ang tipan ni Cristo; ang kasalan ay tipan ng kasal.<br>* Isang simula at katapusan<br>* Tinatalikdan at iiwanan ang "makasariling" buhay para sa magkabahaging buhay.<br>* Ang lahat ay tungkol sa pagbibigay ng panunumpa ng katapan. |
| Ngayon ay maaari na nating tanggapin at ibahagi sa iba ang mga benepisyo at mga responsibilidad ng isang tipan ng kasal sa ating asawa(makakasama)<br><br>Hindi maaaring maupo ka na lang at walang anumang gawin! Ang lalim at kalidad ng isang relasyon ay natutukoy sa halaga ng awa at biyayang aktibong ipinapakita. Tinatawag ng tipan ang pagkilos. | Ngayon ay maaari na nating tanggapin at ibahagi sa iba ang mga benepisyo at responsibilidad ng isang tipan ng relasyon sa Diyos.<br><br>Hindi maaaring maupo ka na lang at walang anumang gawin! Ang lalim at kalidad ng iyong relasyon ( kaugnayan) kay Cristo ay nasa iyong pagpapasya at determinasyon. Magiging tapat ang Diyos. Tinatawag ng tipan ang pagkilos. |


**Hindi natin maipapangako sa sinuman na magiging tapat sa kanila ang kanil-kanilang asawa hanggang sa hinaharap,**
**Subalit maaari nating maipangako na ang Diyos ay magiging tapat.**

**Nasaan ka sa proseso ng pagtanggap ng iniaalok ng Diyos na isang ipinanumbalik na relasyon sa Kanya? Tingnan natin….**

# ANG LAHAT AY PATUNGKOL SA RELASYON

# SESSION 4

## Ilang mga Natatanging Resulta ng isang Naipanumbalik na Relasyon



PAGPAPANUMBALIK NG ATING RELASYON SA PAMAMAGITAN NG ISANG MAPAYAPANG PAKIKIPAGKASUNDO SA DIYOS.



## **Ang pang-unawa ng tao tungkol sa pagiging Kristiyano:**

"Ang Kristiyano ay isang taong nagiging kung ano sa paningin ng Diyos na kung ano na talaga siya. ( hindi alam ang pinagmulan)

Isang katulad na pahayag matatagpuan sa Bibliya: …" Samakatwid, sa pamamagitan lamang ng isang paghahandog ay kanyang ginawang ganap magpakailanman ang mga pinaging-banal ng Diyos". **Hebreo 10:14**

Mahalaga ang pag-unawa sa talatang ito upang ating maintindihan ang mga ginawa ng Diyos para sa atin.

Tayo'y ginawang ganap ng Diyos magpakailanman sa pamamagitan ng ating Posisyon:

( Sa Bibliya ito ay madalas na tumutukoy sa ating pagiging matuwid)

## Ang Ating Posisyon ay:

**Ang Lugar**: "…At tayo'y nasa tunay na Diyos, sa kanyang Anak na si Jesu-CristoSiya ang tunay na Diyos at buhay na walang hanggan". **I Juan 5:20**

**Kaloob :** " Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman".
**Efeso 2:8-9**

**Hindi Nagbabago:** " Isinusulat koi to sa inyo upang malaman ninyo na kayong nananalig sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan". **I Juan 5:13**

**Lahat ay pantay-pantay:** " Wala ng pagkakaiba ang Judio at ang Griego, ang alipin at ang Malaya, ang lalaki at ang babae. Kayong lahat ay iisa na dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus ". **Galacia3:28**

**Bagong Nilalang:** " Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang bago niyang pagkatao, sa halip ito'y napalitan nan g bago ". **II Corinto 5:17**



## Ang ating kalagayan ay tumutukoy sa ating pagiging ganap:

( Sa Bibliya ito ay madalas na tumutukoy sa ating pagiging ganap o banal )

## Ang Ating Kalagayan ay:

**Isang Paglalakbay:** " Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Jesu-Cristo ". **Filipos 1:6**

**Isang gawaing lumalago:** " Huwag mong pag-aksayahan ng panahon ang mga alamat na walang halaga; sa halip pagsumikapan mong maging mak-Diyos. May pakinabang sa pagpapalakas ng katawan, ngunit ang pagsususmikap na maging maka-Diyos ay mapapakinabangan sa lahat ng paraan sapagkat ito'y may pangako hindi lamang sa buhay na ito ngayon, kundi maging sa buhay na darating ". **I Timoteo 4:7-8**

**Pagbabago:** " At ang kaluwalhatiang iyan na ngamumula saPanginoon, na siyang Espiritu, ang siyang magbabago sa atin mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo'y maging kalarawan niya ". **II Corinto 3:18**


**Hindi Pagkakapantay-pantay:** " Mga anak ko, dahil sa inyo'y minsan pa akong nagdaranas ng hirap tulad ng babaing nanganganak, hanggang sa ganap kayong mahubog kay Cristo ". **Galacia 4:19**

**Bagong Pag-uugali:** " Iwanan na ninyo ang dating pamumuhay. Hubarin na ninyo ang inyong dating pagkatao na napapahamak dahil sa masasamang pagnanasa. Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan". **Efeso 4:22-24**

**Huwag nating subuking maging ganap ang ating sarili upang tayo'y tanggapin Niya**
**" Iyon ay Imposible"**
**Tinaggap Niya tayo at ginawang ganap sa kanyang paningin.**
**" Sa pamamagitan ng ating posisyon kay Cristo"**
**Pagkatapos ay tinutulungan Niya tayong lumago at ganap na maging katulad ni Cristo.**
**" Iyon ay sa pamamagitan ng ating pagbabagong-anyo"**



Ipinapakita ng mga sumusunod na ilustrasyon kung paano ang karamihan sa atin ay mali ang pananaw sa mga ito:





Marami ang nagsasabi tulad ng, "Ako? Gusto kong pumunta ng langit, subalit kung nakikita ko kung nasan ako ngayon at saan ako pupunta, parang walang pag-asa. Walang pagkakataon.

Ang katotohanan ay, nang tanggapin natin si Cristo tayo ay naging 100% ng ganap sa paningin ng Diyos (ating posisyon)- makakapunta tayo sa langit. Tayo'y naging ganap habang panahon dahil sa biyaya ng Diyos at ating posisyon kay Cristo.Tinutulungan Niya tayong maging katulad ni Cristo habang gumagawa siya sa ating kalagayan.

"…Samakatwid, sa pamamagitan lamang ng isang paghahandog ay kanyang ginawang ganap magpakailanman ang mga pinaging-banal ng Diyos". **Hebreo 10:14**

Nang tanggapin natin si Cristo, tayo ay naging ganap na 100% sa paningin ng Diyos. Ipinagkaloob Niya ang ating kailangan pero kailanman ay hindi natin kayang matupad.






Ang magkaroon ng totoong buhay kung ano tayo sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

" Spagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman"

**Efeso 2:8-9**

**Ang ating posisyon ay nagbibigay sa atin ng kapayapaan, kagalakan, pag-asa at pagtitiwala hanggang sa kahuli-hulihan ng ating buhay, habang tayo'y binabago.**

" Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Jesu-Cristo ". **Filipos 1:6**

**Sang-ayon sa talatang ito, kalian kaya matatapos ng Diyos ang pagbabago sa atin?**

**Pagwawakas: Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng ating posisyon, hindi ng ating kalagayan. Iyan ang biyaya ng Diyos**.

**Nang tayo'y nakay Cristo na, magpapatuloy tayong ligtas sa pamamagitan ng ating posisyon.**

**"** Sapagkat ipinapakita ng Magandang Balita kung paano ginagawang matuwid ng Diyos ang isang tao; at ito sa pamamagitan ng pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas". **Roma 1:17**

**Sa nabanggit na pagwawakas, ito ay may mga katanungang itinataas: Ibig ba na sabihin nito ay hindi na mahalaga na maging mabuti, na ang ating kalagayan ay hindi mahalaga?**

**Matatagpuan ang kasagutan sa Bagong Tipan na ITO AY MAHALAGA! Huwag nating abusuhin o ipagsawalang-bahala ang kaloob ng Diyos.**

"Mamuhay kayong tulad ng mga taong Malaya. Huwag ninyong gawing panakip sa paggawa ng masama ang kalayaang ito, subalit mamuhay kayo bilang mga alipin ng Diyos". **I Pedro 2:16**

**Isinulat ni Apostol Pablo:**

" Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako'y ganap na; ngunit sinisikap kong makamtan ang gantimpala sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako'y tinawag ni Cristo Jesus". **Filipos 3:12**


**Tinanggap tayo ni Cristo kung ano man tayo, ngunit hindi dapat manatili sa kung ano tayo mula ng tanggapin Niya tayo. – Walter C. Trobish**

**Sa pag-unawa sa lahat ng ito nagbabago ang ating pananaw sa buhay. Kapag ginawa ko ang dapat kong gawin upang magmukhang mabuti para makuha ang aking kaligtasan, takot ang nagbigay sa akin ng motibo at ako'y magiging makasarili, may pinagtatakpan, tumatanggi at naghahambing. Hindi ko malalaman kung nagawa ko na ang lahat. Iyannais ng relihiyon ng tao; ang nakokontrol nila tayo sa pamamagitan ng takot.**

**Sa ilalaim ng biyaya ng Diyos ninais kong maging mabuti upang purihin ang Diyos at maipakita sa kanya ang aking pagmamahal,at pasasalamat para sa kaligtasan at sa lahat ng mga ginawa Niya sa akin. Lagi nating alam na hindi natin kayang gawin ang lahat, subalit ginawa na Niya ang lahat upang tayo'y makapunta sa langit.**

# ANO ANG DAPAT GAWIN NG ISANG KRISTIYANONG NAGKASALA?

**Nagkakasala tayo pagkatapos nating maging Kristiyano! (I Juan 1:8)**
**Tayo'y nag-aaral, lumalago, nagsusumikap, at pagkaminsa'y bumabagsak. Bahagi ito ng proseso ng pagbabago. Ano ang dapat nating gawin kapag nagkasala tayo?**
**Maraming Kristiyano ang mayroong maling pag-iisip sa pagpapatawad ng Diyos. Meron silang konseptong tinatawag na "nakalinyang relihiyon":**




**Maayos na nagsimula ang lahat. Tinanggap natin si Cristo at nagpapatuloy sa paglakad, pero ng tayo'y nagkasala, inisip o pakiramdam natin na nahulog tayo sa ilalaim ng linya. Mananalangin tayo " Panginoon, patawarin Niyo po ako!" Umaasang babalik tayo sa ibabaw na linya, hanggang sa muli nating pagkakasala. Sa paglipas ng panahon ang pag-aagam-agam ay tumataas: " Ako ba'y nasa itaas o nasa ilalaim? Nawawalan tayo ng kapayapaan at seguridad. Hindi ganyan gumawa ang Diyos!**
**Ano ang dapat nating gawin kapag nagkasala tayo? Ito ang maliwanag….**
" Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid". **I Juan 1:9**



Sa pagpapahayag hindi sinasabing, " Paumanhin po" bagkus ganito ang dapat sabihin, " Ginawa ko iyon". Ang pagpapahayag ay nangangahulugang sumasang-ayon ka sa Diyos na kasalanan ang iyong ginawa.
Bakit kailangan nating magpahayag? Ito ay upang manatiling bukas ang ating komunikasyon para sa pag-ibig at tapat na pakikipag-ugnayan sa Diyos.
Nagtago mula sa Diyos sina Adan at Eba nang sila'y nagkasala.Kapag ating tinatalikuran ang Diyos at sinusubukang itago ang ating kasalanan, atin Siyang pinagsasarhan. Isinasara natin ang ating tenga at puso sa kanya; pinahihina tayo at lalong madaling tablan ng mga mapanirang asal at kaugalian.
Nais ng Diyos na tayo'y maging malapit sa Kanya, na tayo'y magtiwala at ibigin Siya. Nag-hihintay Siya sa ating pagpapahayag sa Kanya. .

## Paano kung ayaw nating magpahayag?

" Sinasaway ko't pinapalo ang lahat ng aking minamahal. Kaya't maging masigasig ka! Pagsisihan mo't talikuran ang iyong mga kasalanan". **Pahayag 3:19**

## Ang talatang iyan ay pangakong mula sa Diyos.

"Sa loob ng maikling panahon, dinisiplina tayo ng ating mga magulang para sa ating ikabubuti. Gayundin naman, itinutuwid tayo ng Diyos sa ikabubuti natin upang tayo'y maging banal tulad Niya. Habang tayo'y itinituwid, hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis, ngunit pagkatapos niyon, mararanasan natin ang kapayapaang bunga ng matuwid na pamumuhay".
**Hebreo 12:10-11**

**Itinutuwid tayo ng Diyos para sa ating ikabubuti.Ang karaniwang paraan ng pagtutuwid sa atin ng Diyos ay hinahayaan Niya tayong sundin ang pinili nating landas, kahit na ito man ay mali, hanggang sa maisipan nating magpahayag at bumalik sa Kanyang landas at magtiwala sa Kanya.**

" Sapagkat ang kalungkutang buhat sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi at pagbabago tungo sa kaligtasan. Ngunit ang kalungkutang dulot ng mundo ay humahantong sa kamatayan". **II Corinto 7:10**

## Kaya, ang pagpapahayag ay:

*** Pagtanggap ng pananagutan sa ating mga ginawa.**

*** Pag-amin sa Diyos na tayo'y nagkasala sa Kanya sa pamamagitan ng hindi pagtitiwala at pagsunod sa Kanya.**

*** Pagpapahayag ng ating hangaring magbago.**

*** Pagpapasalamat sa Panginoon sa Kanyang pagpapatawad.**

***Sisikaping hanapin kung paano maipanumbalik ang ano mang nasirang relasyon.**



**Hindi itinuturo ng Bagong Tipan na tayo'y palagiang humingi ng kapatawaran; natanggap na natin ito. Ipinangako na ito!**

**Sa patuloy na paghingi ng kapatawaran sa halip na pagpapahayag ng ating mga kasalanan sa Diyos, ipinapakita lamang na hindi natin naiintindihan ang biyaya ng Diyos o wala tayong tiwala na tutuparin ng Diyos ang kanyang mga salita.**
**Kinakailangan nating magpatuloy sa pagpapahayag ng ating mga kasalanan, magpasalamat sa Kanyang kapatawaran at lumakad sa landasin ng buhay na naaayon sa kagustuhan ng Diyos.**



## HUMINGI KA SA AKIN NG LAPIS

"Ngunit kung namumuhay tayo ayon sa liwanag, gaya ng pananatili niya sa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak".
**I Juan 1:7**

## May kabuluhan ba ang mga ito sa iyo? May mga tanong pa po ba kayo?